

PILYEGO NG KATOTOHANAN TUNGKOL SA AMAG

ANO ANG AMAG?

Ang mga amag ay napakaliit na uri ng punggus na tumutubo bilang nakikitang mga koloniya sa ilalim ng tamang mga kondisyon. Ang mga ito ay matatapan kahit saan – sa parehong loob at labas ng bahay buong taon. Sa labas ng bahay, ang mga amag ay nabubuhay sa lupa, sa mga halaman at sa patay o nabubulok na bagay. Ang ibang karaniwang tawag sa amag ay tagulamin. Ang pagtubo ng amag ay pinapasigla ng mainit at basa-basang mga kondisyon, bagama't ito ay tumutubo din sa panahon ng taglamig. May ilang libong uri ng amag at ang mga ito ay maaaring magkakaiba ng kulay, kabilang na ang puti, kulay-dalandan, berde, kayumanggi o itim. Kadalasan, ang amag ay mapuna dahil sa amoy halumanis. Karamihan sa punggus, kabilang na ang mga amag, ay nagbubunga ng napakaliit na selula na tinatawag na “esporas” na madaling kumalat sa pamamagitan ng hangin. Ang mga buhay na esporas ay tulad ng mga buto, na bumubuo ng bagong tubo na mga amag (mga koloniya) kapag natagpuan nila ang tamang mga kondisyon. Lahat tayo ay nalalantad sa mga esporas ng punggus araw-araw sa hangin na ating nalalanghap, sa parehong labas at loob.

PAANO NAKAKAPASOK ANG AMAG SA BAHAY O SA GUSALI?

Karamihan, kung hindi lahat, sa mga amag na matatagpuan sa loob ng bahay ay nagmula sa mga pinanggagalingan sa labas ng bahay. Sa loob ng bahay ang mga ito ay tila tumutubo at nagiging problema lamang kapag mayroong sira sanhi ng tubig, mataas ang pagkabasa-basa o pagkaumido. Ang lahat ng amag ay nangangailangan ng halumigmig upang tumubo. Ang karaniwang pinanggagalingan ng halumigmig sa loob ng bahay na nakakapagsanhi ng mga problema sa amag ay kinabibilangan ng pagbaha, tagas sa bubungan at tubo, halumigmig sa silong o mga espasyo na nagagapangan. Ang alinmang lugar kung saan ang mamasa-masang hangin ay naglalapot sa malamig na mga pang-ibabaw ay maaaring pinanggagalingan ng amag.

BAKIT TAYO NAG-AALALA TUNGKOL SA AMAG?

Ang kakaunting tubo ng amag sa mga pinagtatrabahuan o sa mga bahay ay hindi malaking alalahanin. Kapag ang mga amag ay marami na, ito ay maaaring magsanhi ng nakakayamot na amoy at mga problemang pangkalusugan para sa ibang tao.

PAANO NAKAKAAPEKTO ANG AMAG SA TAO?

Karamihan sa mga tao ay hindi magkakaroon ng reaksiyon kapag nalantad sa mga amag. Ang mga reaksiyong taluhiyang, gaya ng taluhiyang sa karaniwang polen o hayop, kabilang na ang sipon, iritasyon sa mata at singaw sa balat, ay ang pinakakaraniwang epektong pangkalusugan para sa mga indibidwal na sensitibo sa mga amag. Ang mga mala-trangkasong sintomas, gaya ng ubo, paninikip, sakit ng ulo at pagkahapo ay maaaring mangyari. Ang mga amag ay maaari ding magpalubha sa hika. Ang mga impeksiyon sa punggus mula sa mga amag na may kinalaman sa gusali ay maaaring mangyari sa tao na mayroong malubhang karamdaman sa pagtablan ng sakit, nguni't ito ay napakabihira. Kadalasan sa mga sintomas ay pansamantala at mawawala sa pamamagitan ng pagtama sa problema sa amag.



SINO ANG APEKTADO SA PAGKALANTAD SA AMAG?

Para sa mga nalantad sa amag, mayroong mga pagkakaiba sa kanilang reaksiyon. Ang ilang mga indibidwal ay higit na sensitibo kaysa sa iba. Ang pangkalahatang mga grupo na higit na sensitibo ay kinabibilangan ng:

- Mga sanggol at bata
- Mga indibidwal na mayroong karamdaman sa daanan ng hininga o mga taluhayang at hika
- Mga taong may mahinang mga sistema sa pagtablan ng sakit (halimbawa, taong may impeksiyon na HIV, mga pasyenteng dumadaan sa kemoterapi, mga nilipatan ng bahagi ng katawan o utak sa buto, o yaong mayroong mga karamdaman sa pagtablan ng sakit)

Yaong mayroong mga espesyal na alalahanin pangkalusugan ay dapat na kumunsulta sa kanilang doktor kung nag-aalala sila sa pagkalantad sa amag. Ang mga sintomas na maaaring mangyari mula sa pagkalantad sa amag ay maaari ding galing sa ibang sanhi, gaya ng mga impeksiyun galing sa bakteryang o mikrobyo o ibang mga taluhayang.

NAKAKAMATAY BA ANG AMAG?

Ang ilang mga amag ay maaaring gumawa ng nakalalasang sangkap na tinatawag na "mycotoxin". Ang nalalanghap na "mycotoxin" ay hindi nagpakita na ito ay nakakapagsanhi ng problemang pangkalusugan sa mga nakatira sa mga bahay o mga gusaling pangkalakal. Ang mga epektong pangkalusugan sa paglanghap ng mga "mycotoxin" ay hindi lubos na naintindihan at kasalukuyang pinag-aaralan pa.

ANO ANG "MAITIM NA AMAG"?

Tinatukoy minsan ng mga tagapagpalaganap ng balita ang "maitim na amag" o "nakalalasang maitim na amag." Ito ay kadalasang inuugnay sa amag na *Stachybotrys chartarum*, isang uri ng berde-itim na amag na karaniwang inuugnay sa labis na nasira ng tubig. Ang kilalang mga epekto sa kalusugan ay katulad sa ibang karaniwang mga amag. Ang maagang pag-ulat sa malubhang mga epekto ay pinagdududahan ng huling pananaliksik.

ANO ANG GAGAWIN KO KAPAG NAKAKITA O NAKAAMOY AKO NG AMAG?

Ang mahalaga at napakakapaki-pakinabang na hakbang sa paglutas ng problema sa amag ay tukuyin at ayusin ang mga pinagmulan ng halumigmig na maaaring magsanhi sa pagtubo ng amag. Para sa maliliit na problema sa amag, maaaring gamitin ang sabong panlaba at tubig upang matanggal ang amag sa mga matitigas na pang-ibabaw. Ang solusyon ng pangkula ay nakakapatay ng amag. Ang mga materyales na buhaghag o sumisipsip (gaya ng mga baldosa sa kisame, dingding at alpombra) na nagiging maamag ay dapat nang palitan.

PAANO ANG PAG-IKSAMIN PARA SA AMAG NG GUSALI?

Ang amag at amoy-amag ay bihirang nangangailangan ng pag-iksamin. Ang unang hakbang ay ang pagtingin sa pinsala sanhi ng tubig at anumang nakikitang pagtubo ng amag. Ang susunod na hakbang ay ang pagtanggap ng anumang nakikitang amag at lutasin ang anumang problema sa halumigmig na nagsasanhi ng maamag na kondisyon. Walang mga batayan para sa "katanggap-tanggap" o "hindi katanggap-tanggap" na mga antas ng amag sa mga gusali. Anumang pag-iksamin sa dapat na isagawa ng sinanay na espesyalista.

KARAGDAGANG IMPORMASYON

 preparedness.health.maryland.gov

 facebook.com/MarylandOPR

 twitter.com/MarylandOPR

 health.maryland.gov

 facebook.com/MarylandDHMH

 twitter.com/MDHealthDept

Hinango mula sa "The Facts About Mold: For Everyone," The American Industrial Hygiene Association.



MARYLAND DEPARTMENT OF HEALTH
Office of Preparedness
and Response